



# **SULONG!**

***Kamulatan ! Pakikibaka ! Tagumpay !***

---

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP-1930)

Hulyo 2019

---

**CONTENTS OF THE JULY 2019 ISSUE OF SULONG ! (Forward !),  
THE MONTHLY ORGAN OF THE PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS  
(PKP-1930, the Philippine Communist Party)**

1. Tutulan ang Patuloy na Probokasyon ng Imperyalismo Laban sa Iran !
2. Pahayag ng Alyansa para sa Demokrasya (AD) sa okasyon ng SONA (Hulyo 22, 2019).
3. Katawa-tawa ang Kasong *“Inciting to Sedition”* na Ipinupukol ng Pamahalaan Laban sa Oposisyon.
4. U.N. Human Rights Council, May Pagtuligsa sa Rehimeng Digong.
5. PKP-1930 Condemns Ukrainian Court's Upholding of “De-Communization” Laws.
6. Kaguluhan sa Hong Kong --- May Kamay rin ang Imperyalismo.
7. May Epekto ba ang Bendisyon sa Kriminalidad ? May Size Limit ba sa Pagpasok sa Langit ?
8. Fraternal Greetings on the 66<sup>TH</sup> Anniversary of the Coordinated Assaults on the Moncada Garrison in Santiago de Cuba, and the Cespedes Barracks in Bayamo, Cuba.
9. Speech of the Representative of the Philippine-Cuban Friendship Society (PCFS) at the Opening of the 9<sup>TH</sup> Asia-Pacific Regional Conference of Solidarity with Cuba (Kathmandu, Nepal, July 26 & 27, 2019).
10. Greetings on the 208<sup>TH</sup> Anniversary of the Declaration of Venezuelan Independence (July 5, 2019).

=====

## **TUTULAN ANG PATULOY NA PROBOKASYON NG IMPERYALISMO LABAN SA IRAN !**

Sa ngayon, ang pinakamainit na isyung maaaring pagmulan ng isang pandaigdigang digmaan ay ang patuloy na probokasyon ng imperyalismo laban sa Iran. Isang mahigpit na blokada ang ipinatupad ng Estados Unidos laban sa Iran, matapos talikuran ni Trump ang dating kasunduan na nag-alis ng sanctions sa Iran, kapalit ng pagtitigil ng Iran ng kanyang programa sa paggawa ng bombang nukleyar. Nagpadala ng mga aircraft carriers ang Estados Unidos sa paligid ng Persian Gulf, at nagbabala si Trump na kapag sinubukan ng Iran na makipagdigma sa Estados Unidos ay mapaglalaho niya ang Iran.

Nitong Hulyo 4, pumasok sa mapandigmang eksena ang Britanya. Dinetine nito ang Iranian oil tanker na *"Grace-1"*, malapit sa Gibraltar (isang maliit na kutang kolonyal ng Britanya na nasa timog-kanlurang dulo ng Espanya). Hinihinala daw ng mga puwersang Briton na magdadala ang tanker na ito ng langis papuntang Syria, na ipinagbabawal ng USA at NATO. Bilang ganti, dinetine ng Revolutionary Guards ng Iran ang isang oil tanker ng Britanya, ang *"Stena Impero"* sa Strait of Hormuz (ang daanan papasok sa Persian Gulf) nitong Hulyo 18, at dinala ito sa puerto ng Bandar Abbas. Sang-ayon sa mga pinuno ng Iran, ang *"Stena Impero"* ang nakabangga sa isang barkong Iranian. Hiniling ng Iran sa Britanya na "magsolian" sila ng tankers, pero hindi ito tinanggap ng Britanya.

Sa gitna ng umiinit na tensiyon sa pagitan ng Britanya at Iran, sinabi ni Trump na napabagsak daw ng mga puwersang Kano ang isang drone ng Iran matapos itong lumapit sa aircraft carrier na *"USS Boxer"* sa Strait of Hormuz. Itinanggi ng Iran ang ulat na ito ni Trump, at sinabi na ang anumang drone na napabagsak ng mga Kano ay sariling drone ng mga Kano. Sa ganitong kalagayan, dapat tutulan ang probokatibong plano ng USA at Britanya na magtalaga ng kanilang mga joint patrols sa Strait of Hormuz at sa Persian Gulf mismo. Para sa kapakanan ng pandaigdigang kapayapaan, dapat umalis ang mga puwersang militar ng USA at Britanya mula sa Gitnang Silangan.

- - - o o o 0 0 0 o o o - - -

**ANG TUNAY NA KALAGAYAN NG TAUMBAYAN**  
Pahayag ng Alyansa para sa Demokrasya (AD)  
para sa okasyon ng State of the Nation Address  
(SONA) ni Pangulong Digong, Hulyo 22, 2019

Sa ikaapat na pagkakataon sa loob ng tatlong taong panunungkulan (kalahatian ng termino) ni Pangulong Rodrigo "Digong" Duterte ay tampok sa kanyang SONA ngayon ang Poverty Alleviation, Infrastructure Projects ("Build, Build, Build") at Peace and Order na nakatuon sa insurgency ng maoistang NPA. Bago pa ang SONA ay nagpalabas na ng mga datos ang iba't ibang ahensya ukol sa mga "pagbabagong" nagawa ng administrasyon. Sa 3 taong lumipas,

kumusta ang kalagayan ng taumbayan? Nagkaroon ba talaga ng mahusay na pagbabago?

### Kalagayan ng Taumbayan

- Sa isyu ng Poverty Alleviation, bumaba daw ang bilang ng mga naghihirap na mamamayan. Bakit bumaba? Kasi binago ang pamantayan ng paghihirap. Sa bagong pamantayan ng kahirapan ng Philippine Statistics Authority, ang isang pamilyang Pilipino na may 5 miyembro ay maaari daw mabuhay nang isang buwan sa halagang P10,000.00 lamang. Ito'y taliwas sa pag-aaral ng NEDA, dalawang taon na ang nakalilipas, na ang gayung pamilya ay dapat kumita ng P17,000.00 kada buwan kung nasa Kalakhang Maynila, at P14,000.00 naman kung nasa kanayunan.

- Hindi natugunan ng programang 4Ps ang serbisyong kalusugan para sa mga anak ng mga naghihirap na pamilya. Sa ulat ng Food and Nutrition Research Institute (FNRI), walang ipinagbago ang kalagayan ng malnutrisyon ng mga kabataang Pinoy mula nang ipatupad ang 4Ps sampung taon na ang nakalilipas. Ayon pa sa FNRI, nananatiling problema ng 53.9% ng mamamayan ang seguridad o katiyakan sa pagkain.

- Ang Rice Tariffication Law na nagbukas sa malayang importasyon ng bigas ay hindi nakatulong para sa sinasabing layunin nito na ibaba ang presyo ng bigas. Bagkus, ang naging resulta nito ay ang pagbagsak ng presyo ng palay ng mga lokal na magsasaka, habang nananatiling mataas ang presyo ng mga imported at lokal na bigas sa palengke.

- Sa sinasabing paglago ng gross domestic product (GDP) o kabuuang umikot na kabuhayan sa loob ng bansa, mahigit kalahati nito (58.6%) ay napupunta sa kapakinabangan ng dayuhang puhunan. Ang natitirang bahagi ay kontrolado naman ng mga lokal na oligarko na may kontrol sa mga pangunahing pampublikong pasilidad gaya ng tubig, kuryente, tollways, LRT/MRT, telekomunikasyon at iba pa.

- Ang ipinagmamalaking mga proyekto sa ilalim ng “Build, Build, Build” ay araw-araw nating binabayaran sa pamamagitan ng dagdag na mga buwis sa petrolyo at mga pangunahing bilinghin. Pero ang Pilipinas ay tila nakasanla na sa Tsina at iba pang mga pinagkakautangang bansa na nakatadhanang babayaran ng mga susunod na henerasyon ng mga mahihirap na Pilipino.

- Ang nakalipas na taon ay kinakitaan natin ng kakaibang asal ng administrasyong ito hinggil sa ugnayang panlabas. Sa nangyaring insidente sa Kanlurang Karagatan ng Pilipinas, sa halip na mag-demand tayo ng danyos para sa mga mangingisda natin na tinarantado sa loob ng ating sariling Exclusive Economic Zone, ay tila pumustura pa ang pamahalaang Digong na tagapagsalita ng mga Intsik. Sa kabilang panig naman, hindi natin malaman kung ano ba ang tunay na pakikitungo niya sa Estados Unidos. May mga pahayag siya na mistulang kontra-USA, pero pinapayagan pa rin niya ang joint military exercises dito, at wala siyang anumang pasya na putulin ang di-patas na mga tratado sa pagitan ng Pilipinas at USA. Ano ba talaga, kuya?

Ano ang Maaasahan ng Taumbayan ?

Sa mga naunang SONA ni Digong, nahirati tayo at umasa sa kanyang mga ipinangako gaya ng pagwawakas sa ENDO, pagtatakda ng Land Use Act at batas sa Coco Levy Fund, atbp. Pero bilang isang orihinal na Dilawan (ang tunay rin na kulay ni Digong) ay wala siyang ipinagkaiba sa mga nauna sa kanya. Nakita nating hindi pala interes ng taumbayan ang kanyang pinapangalagaan kundi ang interes ng mga oligarkong gumagastos bawat halalan upang makapaglagay ng mga kinatawan nila sa pamahalaan para isulong ang kanilang mga negosyo. Ngayong dominado ng mga partido ni Digong (PDP-Laban at Hugpong sa Pagbabago) ang Senado at Kamara, maaasahan na ipipilit nila ang pederalismo, cha-cha at iba pang batas na magpapalakas sa mapanghuthot na kapangyarihan ng dayuhan at lokal na oligarkiya, at ng mga bulok na angkang pulitiko (o TraPo dynasties).

Ano ang Dapat Gawin ?

Ang ALYANSA PARA SA DEMOKRASYA (AD) ay naninindigan na ang papaunlad na pagbabago ay makakamit lamang sa pamamagitan ng patuloy na pagkilos ng sambayanan upang ipaglaban at ipilit sa pamahalaan ang pagtatakda ng mga makabayan at makataong patakaran na magsusulong sa kapakanan ng sambayanang Pilipino, at pipigil sa panghuhuthot sa atin ng iilang dayuhang kapitalista at lokal na oligarko.

--- o o o 0 0 0 o o o ---

**KATAWA-TAWA ANG KASONG "INCITING TO SEDITION" NA  
IPINUPUKOL NG PAMAHALAAN LABAN SA OPOSISYON**

Kinasuhan ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ng Philippine National Police (PNP), sa pamumuno mismo ng PNP Chief na si Hen. Oscar Albayalde, ng *"Inciting to Sedition"* (o *"pambubuyo sa paglaban sa pamahalaan"*) sina Bise-Presidente Leni Robledo, Senadora Risa Hontiveros at Leila de Lima, dating senador Antonio Trillanes IV at Bam Aquino at kanilang mga staffers, iba pang mga dating kandidato sa pagka-senador ng grupong *"Otso Deretso"* ng Liberal Party, Arsobispo Socrates Villegas, Obispo Teodoro Bacani, Pablo Virgilio David at Honesto Ongtioco, mga paring sina Albert Alejo, Robert Reyes at Flaviano Villanueva, dating education secretary Armin Luistro, dating Supreme Court spokesperson Theodor Te, at mga pinuno ng Integrated Bar of the Philippines (IBP) na sina Dan Fajardo, Egon Cayosa at Minaerva Ambrosio.

Ang star witness ni Gen. Albayalde ay si Peter Joemel Advincula, na lumabas bilang si "Bikoy" sa 6 na videos na pinamagatang *"Ang Tunay na Narcolist"*, na hindi naman pinansin noon ng publiko. Ang videos na iyon ay ipinalabas sa ilang website sa internet noong Abril, o bago maghalalan, at

nagtuturo sa mga kapamilya ni Digong at kay Bong Go bilang kasabwat sa negosyo ng narkotiko. Noon ay walang naniwala kay “Bikoy”, lalo pa at idinamay pa niya ang anak na dalagita ni Digong. Matapos ng eleksiyon at natutunton na si “Bikoy”, siya ay biglang humarap sa isang press conference sa IBP (bagamat hindi naman nagbigay ng serbisyong legal ang IBP sa kanya). Doon ay inulit ni Advincula ang kanyang mga paratang laban sa administrasyong Digong.

Pero noong mahuli na siya, iba na ang kanyang kinakanta. Ang kanyang akusasyon laban sa pamilya at mga tauhan ni Digong ay kagagawan lang daw ng mga oposisyonista, na kinasuhan nga ng PNP-CIDG ng *“inciting to sedition”*. Sinabi naman ni Senate President Tito Sotto na si Advincula ay walang kredibilidad, at nais pang manloko sa kanya noon sa pamamagitan ng umano'y pagsisiwalat ng mga katiwalian. Sinabi rin ni Sen. Panfilo Lacson na si Advincula ay isang ex-convict sa salang panloloko, at hindi dapat pagkatiwalaan. Pero ang napaniwala ni Advincula ay si Heneral Albayalde mismo !

Sa ginagawang ito ng PNP-CIDG, lumalabas lamang na si “Bikoy”, sa simula pa lamang sa pagpapalabas ng kanyang mga videos noong Abril, ay isang *“pakawala”* ng administrasyon upang maghasik ng paninira laban sa oposisyon. Sa totoo lang, marami sa mga oposisyonista na nagnanais na maalis agad si Digong mula sa puwesto ay mga tauhan ng mga imperyalistang Kano at ng reaksiyong Batikano. Sila ay dapat ilantad bilang mga galamay ng imperyalismong Kano, sa halip na ipagharap ng katawa-tawang kaso ng *“pambubuyo sa sedisyon”* batay sa mga kuwento ng isang manloloko.

--- o o o 0 0 0 o o o ---

**U.N. HUMAN RIGHTS COUNCIL, MAY  
PAGTULIGSA SA REHIMENG DIGONG**

Sa sponsorship ng Iceland, ipinasa ng United Nations Human Rights Council ang isang resolusyon na humihingi ng isang “comprehensive written report” hinggil sa kalagayan ng karapatang pantao sa Pilipinas. Nanawagan rin ang resolusyon sa Pilipinas na pigilan ang extra-judicial killings (EJKs) at enforced disappearances, at magsagawa ng impartial na imbestigasyon upang panagutin ang mga may-sala, batay sa pandaigdigang mga pamantayan ng mga prosesong legal at ng rule of law.

Pero sa halip na harapin nang maayos ang resolusyong iyon ng UN Human Rights Council, agad lamang ininsulto ni Digong ang bansang Iceland. Ang kanyang galamay na si Senate President Tito Sotto ay bumanat din agad laban sa “pagpapabaya” daw ng Iceland sa isyu ng abortion. At si Senadora Imee Marcos, bilang pagpapabango kay Digong, ay nanawagan naman sa pagputol ng relasyong diplomatiko sa Iceland.

Ang pangunahing isyu ng paglapastangan sa mga karapatang pantao na tinutuligsa kay Digong ay may kinalaman sa kanyang “digmaan laban sa droga”, na pumaslang na sa may mga 5,000 hanggang 10,000 mahihirap na biktima. Sa “digmaang” ito ay binigyan ni Digong ng “lisensya” sa pamamaslang ang pulisya na hindi naman nare-reporma pa, at ang marami ay sangkot mismo sa “recycling” at pagbebenta ng mga droga. Hindi nakapagtataka na ang karamihan sa mga biktima ay sinasabing mga maliliit na “retailers” ng mga pulis na siya ring may kinalaman sa pagpatay sa kanila. Mapapansin rin na sa “digmaang” ito ay wala namang napapatay o nahuhuling mga big-time na tagagawa at taga-angkat ng droga.

Ang unang ginawa ni Digong na inialis ang Pilipinas mula sa kasapian ng International Criminal Court (ICC) ng United Nations ay hindi makakapigil sa awtoridad ng ahensiyang iyon na magsagawa ng kaukulang imbestigasyon sa Pilipinas. Ito ay kahit pa tinakot ni Digong ang mga kinatawan ng ahensiyang iyon ng UN na sila'y ipapakain sa mga buwaya kapag sila'y pumunta rito. Gayundin, hindi maaaring sabihin ni Digong na walang karapatan ang UN Human Rights Council na mag-imbestiga sa kanya at sa kalagayan ng mga karapatang pantao sa Pilipinas.

Hindi rin papasa ang angal ni Digong na siya'y gusto lang apihin ng mga pandaigdigang kapangyarihan, at ang kanyang pagtutol sa anumang imbestigasyon sa kanya ay bilang “pagtatanggol” sa ating pambansang soberanya. Ang mga prinsipyo ng pambansang soberanya ay dapat na nakaayon sa mga pandaigdigang batas, pangunahin na sa Charter o Saligang-Batas ng UN.

Nakatakda mismo sa Section 2, Article II ng ating pambansang Saligang-Batas na “inaampon” ng Pilipinas ang mga prinsipyong kinikilala sa pangkalahatan sa pandaigdigang batas, at ang mga iyon ay itinuturing na bahagi ng ating mga pambansang batas. Hindi pwedeng isangkalan ni Digong ang ating pambansang soberanya upang iwasan ang kanyang pananagutan o personal liability sa ilalim ng mga pandaigdigang batas, lalo na sa tinatawag na mga international humanitarian laws.

--- o o o 0 0 0 o o o ---

**PKP-1930 CONDEMNS UKRAINIAN COURT'S  
UPHOLDING OF “DE-COMMUNIZATIONS” LAWS**

The Partido Komunista ng Pilipinas (PKP-1930, the Philippine Communist Party) strongly condemns the July 16, 2019, decision of the Constitutional Court of Ukraine (CCU) which upheld the 2015 Ukrainian de-communization laws. The 2015 de-communization laws is a set of 4 laws passed by the reactionary parliament and approved by then-president Petro Poroshenko.

As a backgrounder, the regime of the rabid anti-communist and anti-Russian oligarch Petro Poroshenko was installed only as a result of the bloody US-orchestrated "Maidan" coup d'etat of 2014 which overthrew the duly-elected government of President Viktor Yanukovich.

The 2015 de-communization laws require the revision of history to demonize the former communist governments in the Ukraine and the USSR, the removal of communist monuments and renaming of public places named after communist-related themes, the prohibition of communist propaganda and symbols, and the banning of communist parties.

Under these laws, 3 communist parties were banned by December 2015, although the ban on the Communist Party of Ukraine did not come into force due to the party's appeal reaching the European Union. However, in view of the remaining widespread support of the Ukrainian people for communist candidates, the de-communization laws contain a provision empowering the Ministry of Justice to prohibit the Communist Party from participating in elections.

Also under these laws, 987 cities and villages, and 51,493 streets, were renamed ; and 1,320 Lenin monuments and 1,069 monuments to other communist figures were removed, In 2016 alone.

This decision of the CCU particularly upholds "Law of Ukraine No. 317-VIII" which insanely equates communism with nazism. But In fact, the Ukrainian government's implementation of this law aims only at the political repression and slandering of the Communist Party, its members and supporters, while giving free reign to the neo-fascist leaders of the government. The CCU decision caters to the reactionary and neo-fascist ruling circles in the Ukraine, and is clearly anti-democratic and bereft of historical truth.

It should be remembered that the European Commission *"For Democracy through Law"* (Venice Commission) and the Bureau for Democratic Institutions and Human Rights of the Organization for Security and Cooperation in Europe (OSCE), at their 105th plenary meeting on December 18-19, 2015, adopted a joint conclusion that the said "Law of Ukraine No. 317-VIII" is not in compliance with international standards for the protection of human rights and freedoms.

With the majority of the CCU judges having been appointed during the presidency of the ultra-reactionary oligarch Petro Poroshenko, it is obvious that the CCU implemented the political order of their "boss" by committing a crime against historical memory and against the international standards on the protection of human rights.

Unfortunately, the CCU frame of mind is supported by the new president of Ukraine, Volodymyr Zelenskiy, the former comedian and telenovela star who admires Stefan Bandera (a major WW-II puppet of the nazi occupiers of

Ukraine), who stands for Ukrainian membership in the EU and NATO, and who supports the legalization of prostitution, casinos and other gambling dens.

The PKP-1930 further strongly condemns the plans of the Ukrainian government to use this decision of the CCU to unleash a new wave of repression against the Communist Party of the Ukraine, its members and supporters. The PKP-1930 stands in solidarity with the Communist Party of the Ukraine, against the continuing reactionary policies of the Ukrainian government.

Secretariat of the Central Committee,  
PKP-1930, July 25, 2019

--- o o o 0 0 0 o o o ---

**KAGULUHAN SA HONG KONG,  
MAY KAMAY RIN ANG IMPERYALISMO**

Sa Hong Kong ay patuloy ang mga pamamahayag na nag-umpisa sa isyu ng planong extradition ng mga kriminal papunta sa Chinese mainland. Libo-libong mga demonstrador ang patuloy na namamahayag para maalís ang administrasyong pro-China ni Chief Executive Carrie Lam. May mga humihingi ng “demokratikong mga karapatan”, may mga humihingi ng “kalayaan” para sa HK mula sa Tsina, at may umaangal laban sa mga Chinese mainland traders na dumadalaw at nagnenegosyo sa HK (at kumukumpitensiya sa mga negosyanteng taal na taga-HK).

Malinaw na may kinalaman ang imperyalismong Kano sa kaguluhan sa HK, sa harap ng patuloy na trade war sa pagitan ng USA at Tsina. Ito ay makikita sa katangian ng mga kahingian ng mga demonstrador na nagiging violent na. May mga demonstrador na nagwawagayway pa ng US flags at gayundin ng dating colonial flag (noong hindi pa nababalik ang HK sa Tsina noong 1997).

--- o o o 0 0 0 o o o ---

**MAY EPEKTO BA ANG BENDISYON SA KRIMINALIDAD ?  
MAY SIZE REQUIREMENT BA SA PAGPASOK SA LANGIT ?**

Sa Buenaventura, Colombia, ay nagkaroon ng mabilis na pagtaas ng mga kaso ng murder, rape, kidnapping at disappearances/EJK sa nakaraang 2 taon. Kaya isinagawa ni Obispo Ruben Dario Jaramillo Montoya ang isang kakaibang kampanya para daw masugpo ang drug trafficking, iba pang krimen at corruption na kagagawan ng mga katoliko. Sakay ng isang bumbero ay nagsaboy siya ng “holy” water (na siya rin ang nagbendisyon) sa iba't ibang delikadong lugar na pinamumugaran ng mga kriminal sa katolikong bansang



iyon. Tulad ng inaasahan, walang naging epekto ang “holy” water sa sitwasyon ng kaguluhan at kriminalidad doon.

Samantala, sa Canção Nova sa Brazil, isang matabang babae ang tumulak kay Reverend Marcelo Rossi hanggang mahulog ito mula sa entablado kung saan siya nagmimisa. Ang pangyayaring iyon ay nasaksihan ng daanlibong nanonood, lalo pa at laging televised ang lingguhang misa ni Rev. Rossi. Sang-ayon sa ulat, itinulak ng babae si Rev. Rossi matapos sabihin ng pari sa kanyang sermon na ang matabang babae ay hindi makapapasok sa langit.

Tunay nga, katawa-tawa ang marami sa mga ritwal, turo at paniniwala ng mga relihiyon.

--- o o o 0 0 0 o o o ---

**FRATERNAL GREETINGS ON THE 66<sup>th</sup> ANNIVERSARY OF  
THE COORDINATED ASSAULTS ON THE MONCADA  
GARRISON IN SANTIAGO DE CUBA, AND THE  
CESPEDES BARRACKS IN BAYAMO, CUBA**

July 26, 2019

**THE CENTRAL COMMITTEE  
PARTIDO COMUNISTA DE CUBA (PCC)  
La Habana, Republica de Cuba**

**Dear Comrades :**

The Central Committee of the Partido Komunista ng Pilipinas (PKP-1930, the Philippine Communist Party) sends warmest fraternal greetings to the Central Committee of the Partido Comunista de Cuba (PCC) on today's 66th Anniversary of the Coordinated Assaults on the Moncada Garrison in Santiago de Cuba and the Carlos Manuel de Céspedes Barracks in Bayamo, and wishes every success to the Cuban people's struggles for national sovereignty, territorial integrity and socialism.

On this year of the 60th Anniversary of the Triumph of the Cuban Revolution, the Trump regime has announced the activation of Title III of the Helms-Burton Act and the setting-up of new aggressive measures. Imperialism's vain attempt to achieve political goals through economic blockade and choking, as a means to destroy the example of the first victorious socialist revolution in the American continent, is still being insanely pursued.

In the face of this new imperialist offensive, we pledge to redouble our proletarian internationalist efforts in defense of Cuban socialism, sovereignty and territorial integrity. We are proud to have contributed our modest efforts through participation in the 6<sup>th</sup> International Seminar on Peace and for the Abolition of Foreign Military Bases held in Guantanamo City last May 2-8, 2019,

and in the ongoing 9<sup>th</sup> Asia-Pacific Regional Conference of Solidarity with Cuba which is being held in Kathmandu, Nepal, this July 26 and 27, 2019.

No doubt, the Cuban working class and revolutionary people, under the vanguard leadership of your Party, will once again defeat the new imperialist offensive, in the same way that Cuba has weathered many acts of aggression from successive US administrations for six decades now. In this struggle, your Party and people can always count on our solidarity, and the solidarity of all revolutionary forces throughout the world.

We further pledge to redouble our efforts to strengthen the movement of friendship and solidarity with Cuba in our country, to increase our people's knowledge of the Cuban reality, and to make louder the demands for the end of the illegal and criminal blockade imposed by the USA on Cuba, for the return to Cuban sovereignty of the Guantanamo Naval Base, and for an end to "regime change" and other subversive US programs against Cuba.

With communist greetings,

ANTONIO E. PARIS  
General Secretary

--- o o o 0 0 0 o o o ---

**SPEECH OF THE REPRESENTATIVE OF THE  
PHILIPPINE-CUBAN FRIENDSHIP SOCIETY (PCFS)  
AT THE OPENING OF THE 9<sup>TH</sup> ASIA-PACIFIC REGIONAL  
CONFERENCE OF SOLIDARITY WITH CUBA  
(Kathmandu, Federal Democratic Republic of Nepal,  
July 26 & 27, 2019)**

Dear comrades and friends :

On behalf of the Philippine-Cuban Friendship Society, I would like to thank our gracious hosts, the Organizing Committee of this Conference, for their kind hospitality and the excellent facilities being provided to us, as we gather in this beautiful and historic City of Kathmandu, the capital of the Federal Democratic Republic of Nepal.

It is very meaningful that this 9<sup>th</sup> Asia-Pacific Regional Conference of Solidarity with Cuba is being opened today, on this 66th Anniversary of the Coordinated Assaults on the Moncada Garrison in Santiago de Cuba and the Carlos Manuel de Céspedes Barracks in Bayamo. Planned and led by Fidel Castro, the July 26 Assaults in 1953, against the much-hated US-propped dictatorship of Fulgencio Batista, sparked the Cuban people's revolutionary struggles for democracy, social justice, national sovereignty, territorial integrity

and socialism. It is in defense of these very same ideals that friends of Cuba throughout the world regularly hold regional conferences of solidarity with Cuba.

Two years ago in Metropolitan Manila, Philippines, on April 8 to 10, 2017, two Philippine organizations of friendship and solidarity with socialist Cuba — the Philippine-Cuban Friendship Society (PCFS) and the Philippines-Cuba Cultural and Friendship Association (PhilCuba) — co-sponsored the 8<sup>th</sup> Asia-Pacific Regional Conference of Solidarity with Cuba. We had the great honor of hosting 59 foreign delegates from 16 countries in our Asia-Pacific region, plus 2 delegates from the USA, and 4 delegates from Cuba, at that conference. There was a total of 65 foreign delegates and 58 Filipino delegates who attended that conference in Manila.

A high-level delegation from the Nepal Peace and Solidarity Council attended that conference, and that delegation offered, at the closing ceremonies, to host this 9<sup>th</sup> Asia-Pacific Regional Conference of Solidarity with Cuba. All the participants to the Manila conference highly appreciated that very gracious gesture of the Nepalese delegation, and looked forward to this day when we would all be meeting here in Kathmandu. And today, we are very happy to renew our acquaintance and friendship with many of the organizations which were represented at the Manila conference 2 years ago.

At the same time, we are humbled to be in the company here of a living hero, Comrade Fernando Gonzales Llort, the President of ICAP, and one of the 5 Cuban heroes who spent years of incarceration as political prisoners of the empire. It is also a great honor for us to be in the company here of Comrade Dr. Aleida Guevara, a leader of ICAP, a distinguished pediatrician and public health expert of Cuba, and the daughter of the great internationalist Ernesto “Che” Guevara. It has been almost 2 years since we last saw and heard her at the 19<sup>th</sup> World Festival of Youth and Students in Sochi, Russia.

Dear comrades and friends :

The past 2 years have seen the collapse of the vain illusions of imperialist and other reactionary forces that the Cuban revolution can now be reversed with the physical loss of Comandante Fidel. The past 2 years have seen the continued selfless assistance by Cuba to many developing countries in the fields of health and education. The past 2 years have seen the growth of the international movement for the return to Cuba of the Guantanamo Naval Base, and we are happy that the Philippines was represented at the 6<sup>th</sup> International Seminar Against Foreign Military Bases which was held in Guantanamo City in May of this year. And the past 2 years have also seen the growth of the movement of solidarity with Cuba in many parts of the world, condemning the “regime change” and other subversive programs against Cuba, and defending the Cuban revolutionary process and the right to self-determination of the Cuban people and all other peoples of the world.

However, the past 2 years also saw a very serious and senseless deterioration in the USA's dealings toward Cuba. The short steps made, towards the end of the Obama term, to normalize bilateral relations with Cuba, were quickly halted by the Trump regime. The Trump regime chose to return to the foxhole of the cold war, and worse, to the imperial dream of reviving the "Monroe Doctrine" from the catacomb of history. The US blockade against Cuba was tightened, and Trump's recent invoking or activation of Title-3 of the "Helms-Burton Law" put more teeth to the extra-territorial aspects of the blockade. Third countries maintaining trade and other commercial or financial relations with Cuba are threatened with US sanctions, with the aim of stifling the Cuban economy and the Cuban people's living standards, and ultimately pushing Cuba towards a new "special period".

It is therefore the urgent task of all the friends of Cuba, and all peace-loving peoples throughout the world, not only to condemn the new attempts of world imperialism to strangle Cuba --- as exemplified by Trump's ratcheting up of anti-Cuba measures. More importantly, all friends of Cuba throughout the world must find ways so that governments will resist Trump's new diktat admonishing other states to end trade and other commercial or financial relations with Cuba. Solidarity with Cuba is an integral part of our own struggle against US imperialism which threatens peace and stability in our own region and in our own countries.

In this regard, we salute the government and people of Nepal, and particularly the country's governing leadership --- the Communist Party of Nepal --- for their firm friendship and solidarity with Cuba. In the Philippines, all friends of Cuba are still exerting efforts to convince the Duterte administration to reopen the Philippine embassy in Havana, which was closed by the previous Noynoy Aquino regime. This is in stark contrast with the robust all-round relations between Nepal and Cuba, which is strongly supported by the government and people of Nepal, and particularly by the governing Communist Party of Nepal.

Also in this connection, I would like to express our respect and admiration to a great friend of Cuba, Comrade Khadga Prasad Sharma Oli, the Prime Minister of Nepal and the Co-Chairman of the Communist Party of Nepal. We remember his visit to Manila in November 2005, as the head of the Nepalese delegation to the International Meeting on the 50<sup>th</sup> Anniversary of the Bandung Conference. That international meeting was held at the University of the Philippines in Quezon City, Metropolitan Manila, as co-sponsored by our Philippine Peace and Solidarity Council (PPSC) and the Cairo-based Afro-Asian Peoples' Solidarity Organization (AAPSO).

At that time of his visit to our country, Nepal was still a constitutional monarchy, an armed insurgency was not yet ended, and the progressive forces were still fragmented. But now, a federal democratic and popular government is firmly institutionalized, the armed insurgency has been ended, and the progressive forces have been united with the merger of the Marxist-Leninist and the former Maoist parties. The forging of this unity of progressive forces is of

broad relevance to all peace forces throughout the world, and we are sure that the common high regard and appreciation for socialist Cuba plays an important role in the forging of unity among different contingents of progressive forces.

We are also sure that under the leadership of the Communist Party of Nepal, the government of Nepal now led by Prime Minister K.P. Sharma Oli will further strengthen solidarity with socialist Cuba, and will bring Nepal to greater development and progress on the socialist path.

Long live socialist Cuba !  
Long live the socialist path for Nepal !  
Long live anti-imperialist solidarity !

- - - o o o 0 0 0 o o o - - -

**GREETINGS ON THE 208<sup>TH</sup> ANNIVERSARY OF THE  
DECLARATION OF VENEZUELAN INDEPENDENCE**

July 5, 2019

Her Excellency  
CAPAYA RODRIGUEZ GONZALEZ  
Ambassador Extraordinary and Plenipotentiary  
EMBASSY OF THE BOLIVARIAN  
REPUBLIC OF VENEZUELA  
Unit 17A, Multinational Bancorporation Center  
6805 Ayala Ave., Salcedo Village  
Makati City, Metro. Manila 1226

Your Excellency :

On today's occasion of the 208th Anniversary of the Signing of the Act of Independence of Venezuela, we send our warmest felicitations to Your Excellency, and through your esteemed embassy, to President Nicolas Maduro Moros, to the government of the Bolivarian Republic of Venezuela, and to the revolutionary people of Venezuela.

Venezuela can truly be proud of the fact that the Act of Independence of July 5, 1811, approved by representatives of 7 provinces in the Venezuelan Congress, was the first case of a Spanish colony in the Americas declaring its absolute independence.

In the present century, starting from the presidency of Comandante Hugo Chavez Frias in 1999, Venezuela once again permanently confirmed its Act of Independence by declaring its absolute freedom from US imperialist domination and IMF-World Bank dictation. The independence and sovereignty of Venezuela were truly realized with the triumph of the Bolivarian Revolution initiated by President Chavez and now being continued by President Maduro.

Also, the historic cause for the unity of all the peoples of South America --- as expressed 2 centuries ago by Simon Bolivar, Francisco de Miranda and the other early propagators of a "Patria Grande" of Latin American and Caribbean integration --- is today enjoying renaissance with the Bolivarian Alliance (ALBA) that is greatly supported and inspired by the Bolivarian Revolution in Venezuela.

It is for these reasons that the continued strengthening of the Bolivarian Revolution in Venezuela, and the further consolidation of ALBA, are targets of US imperialist subversion and destabilization. Thus the continuing US attempts to foment a reactionary coup against President Maduro ; the US imperialist setting up of several US military bases in its client-state of Colombia, in order to threaten Venezuela ; the US interference in the internal affairs of Venezuela and other ALBA countries thru the use of the US-dictated Organization of American States (OAS) ; and the shrill calls of Juan Guaido and other discredited imperialist puppets for the application of more US sanctions and even terrorist activities against Venezuela and other ALBA countries.

The Trump regime, similar to the Obama, Bush and other past US regimes, have vainly attempted to re-impose the "Monroe Doctrine" which considers the whole of South America as the USA's own "backyard". But these attempts will always fail, in the face of the Venezuelan people's staunch support for the Bolivarian Revolution, and the continued forging ahead of the revolutionary processes in Cuba, Nicaragua, Bolivia and other ALBA countries.

In this regard, the Bolivarian Revolution can count on the constant support and solidarity of revolutionary parties and movements throughout the world, including that of our Party.

The difficult but victorious path blazed by the Bolivarian Revolution in Venezuela will continue to inspire our Party and all other revolutionary parties and movements worldwide in the struggle against imperialism, and for peace, freedom and socialism.

With warmest comradely regards, and all the best wishes !

Very sincerely,

ATTY. ANTONIO E. PARIS  
General Secretary

--- o o o 0 0 0 (END) 0 0 0 o o o ---